



ASIA  
PACIFIC  
COLLEGE

— C O N S O R T I U M —

# GRADUATION

Asia Pacific College

## Ang Pagdiriwang ng Pagtatapos ng *Class 2020*

Ang ating mga magsisipagtapos na mag-aaral ay laging nasa aming isipan sa panahong ito ng walang kasiguraduhan. Atin mang naisin na pasinayaan ang tradisyunal na *Commencement Exercises*, kami, tulad ninyo, ay hindi tiyak kung at kung kailan tayo maaaring muling magtagpo para sa dakilang pagdiriwang na ito. Hanggang sa mga oras na ito, pinapayuhan ng Department of Education (DepEd) at Commission on Higher Education (CHED) ang lahat na ipagpaliban ang mga *in-person commencement exercises*.

Samantala, bagama't sila ay nagtapos kahit walang pagdiriwang, gagabayan namin ang mga anak ninyo sa isang maayos na paglipat mula sa paaralan tungo sa buhay industriya sa kabila ng mga hamon sa mga oras na ito. Ibinabahagi namin sa inyo ang mga sumusunod na hakbang na makatutulong sa inyong pagtawid mula sa paaralan tungo sa mas mataas na edukasyon o sa empleyo.

### Ano ang mga maaaring hingin bilang patunay ng pagtatapos?

Para sa mga magsisipagtapos (naka-*enrol* sa kanilang huling terminong pang-akademiko), ang mga sumusunod na dokumento ay maaaring hingin, bilang panghalili sa *Diploma* o *Transcript of Records (TOR)*:

1. *Certificate of Candidate for Graduation*: Sa mga may nakabinbing marka (hindi kumpleto ang mga *academic requirements*)
2. *Certificate of Graduation*: Natapos ang lahat ng mga *academic requirements* (lahat ng mga kurso ay may markang pasado)
3. *TOR* para lamang sa layunin ng *Board Examination*

Ang aplikasyong *online* para sa pagtatapos (para sa mga magtatapos sa ikatlong termino) ay sa ika-1 hanggang ika-13 ng Hunyo, 2020. Maglalabas ng hiwalay na anunsyo gamit ang *email* ukol dito.

### Paano tatapusin ang *Internship* o *Immersion* ng mga magsisipagtapos na mag-aaral?

Ang ating mga magsisipagtapos na mag-aaral marahil ay naka-*deploy* sa *Internship* o *Immersion*.

1. Para sa mga mag-aaral na magtatapos sa Kolehiyo, susundin natin ang mga direktibang nakasaad sa CHED COVID-19 Advisory No. 6 na inilabas noong ika-13 ng Abril, 2020. Ang mga *undergraduate Interns* ay hindi na maipadadala sa mga *industry partner*. Sa halip ay magsasagawa ng mga alternatibong pamamaraan para sa pagkamit ng mga kinakailangang *internship outcomes*. Ang mga Propesor sa Industriya ng mga mag-aaral ay hihingan ng pagtataya ng pagkatuto batay sa mga nagampanang oras at maging sa mga *output* na isinumite, kung naaangkop. Ito ay mga mahahalagang puna sa kahandaan ng iyong mga anak, aming mga mag-aaral, upang magpatuloy sa kanilang propesyonal na kasanayan sa industriya.
2. Ang mga mag-aaral sa *Grade 12* ay hindi na maipapadala sa mga *industry partner*, bilang pagsunod sa mga direktiba na nakasaad sa DepEd Memo No. 42 na inilabas noong ika-15 Marso 2020. Ipagpapatuloy nila ang kanilang *immersion* sa pamamagitan ng pagdalo sa SHS *Internship Supplemental Course* sa *Home Study mode*. Bilang karagdagan, ang *Bootcamp Program* ay magpapatuloy din sa *Home Study mode* gamit ang mga *CoursePack*.